# ARAW NG JUMU-AH

*Kahigtan at mga Alituntunin nito*

*Inihanda ng*

Tanggapan ng Pananaliksik
At Pagsasaibang-wika

AL-AHSA ISLAMIC CENTER

*Isinalin ni*

Saminodin Manshawie

PAUNANG SALITA NG TAGAPAGSALING-WIKA

Purihin at pasalamatan natin si Alláh ﷻ, ang Panginoon ng lahat ng nilikha, nawa'y ang pinakamainam na pagpapala at pinakaganap na kapayapaan ay matamo ni Propeta Muhammad, ang kahuli-hulihang Propeta at Sugo para sa sangkatauhan.

Ang araw ng Jumu-ah at mga alituntunin nito ay bagay na kailangang malaman at maunawaan ng lahat ng Muslim, kaya't pinagsikapang maisalin ito sa wikang Tagalog mula sa wikang Arabe, sa tulong ni Allah at pagkatapos ay sa tulong ng mga kapatid na nagrepaso nito (gantimpalaan nawa silang lahat ni Allah) ay naihanda ito sa madali at magaang pamamaraan. Hangad natin mula kay Allah ﷻ na gawin Niya itong kapaki-pakinabang at lubos na para lamang sa Kanya, Ameen......

Saminodin P. Manshawie
Rajab 7, 1427H - August 2, 2006 CE

*Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamaawain,*
*Ang Pinakamahabagin*

Ang lahat ng papuri ay kay Allah lamang, nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay matamo ng Sugo ni Allah at sa kanyang mga pamilya at mga kasamahan at sa sinumang sumunod sa kanyang mga aral, ang mga sumusunod:

Tunay na itinaas ni Allahﷻ ang kahigtan ng ibang mga lugar at pinili naman Niya ang ibang mga panahon at hinigit Niya sa mga buwan ay ang buwan ng Ramadan at sa mga araw ay ang araw ng Arafah[1], dalawang Eid[2] at ang araw ng Jumu-ah.

Ang araw ng Jumu-ah ay may mataas na puwesto at katayuan sa Islam, tulad ng mga nabanggit na Hadith ni Propeta Muhammad ﷺ

---

*[1] Ang pananatili ng mga peregrino sa lugar ng Arafah na malapit sa Makkah, ito'y sa ikasiyam na araw ng buwan ng Dhul-Hijja.*

*[2] Ito'y pista ng mga Muslim sa buong mundo bawat taon at ipinagdiriwang ito hanggang tatlong araw. Eidul-Fitr; bilang pagtatapos ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadan at ito'y ginaganap sa unang araw ng buwan ng Shawwal. Eidul-Ad-ha; araw ng pag-aalay, ito ang pagsasakripisyo ng hayop para kay Allah ﷻ, ginaganap ito sa ikasampung araw ng buwan ng Dhul-Hijja.*

kung saan nagtutukoy na ito'y di-pangkaraniwan at natatangi sa ibang mga araw, kasama na rito ang mga sumusunod:

1. ANG JUMU-AH AY PANGUNAHIN SA MGA ARAW:

قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: "إِنَّ يَوْمَ الْجُمُعَةِ سَيِّدُ الْأَيَّامِ وَأَعْظَمُهَا عِنْدَ اللَّهِ وَهُوَ أَعْظَمُ عِنْدَ اللَّهِ مِنْ يَوْمِ الْأَضْحَى وَيَوْمِ الْفِطْرِ". (صحيح ابن ماجة)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: *"Tunay na ang araw ng Jumu-ah ay pangunahin sa mga araw at ito ang pinakadakilang araw kay Allah, bagkos ito'y mas dakila kay Allah, kaysa sa araw ng Eidul-Adh-ha at Eidul-Fitr"* (Sahih Ibnu Májah)

وقَالَ أَيضًا: "خَيْرُ يَوْمٍ طَلَعَتْ عَلَيْهِ الشَّمْسُ يَوْمُ الْجُمُعَةِ فِيهِ خُلِقَ آدَمُ وَفِيهِ أُدْخِلَ الْجَنَّةَ وَفِيهِ أُخْرِجَ مِنْهَا". (صحيح مسلم)

At sinabi pa niya ﷺ: "*Ang pinakamabuting araw na sinikatan ng Araw ay sa araw ng Jumu-ah, dito nilikha si Ádam, dito siya pinapasok sa paraiso at dito rin siya ay pinalabas mula rito."* (Sahih Muslim)

2. ANG ARAW ITO AY PISTA NG MGA MUSLIM:

Kapag tumapat ang Eidul-Fitr o di-kaya'y Eidul-Ad-ha sa araw ng Jumu-ah, magiging dalawa ang pista o pagdiriwang sa araw na ito, sinuman ang magsagawa ng Salátul-Eid, ay maaari na siyang hindi magsagawa ng Salátul-Jumu-ah dahil ito'y hindi na sapilitan para sa kanya[3].

Noong binasa ni ibnu Abbas ﷺ ang Ayáh:

{الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ. . .}

*"Sa araw na ito ay Aking ginanap para sa inyo ang inyong Deen[4]..."* (5:3)

At naroroon ang isang Hudyo na nagsabi sa kanya: kung ang Ayah na iyan ay saamin ipinahayag, ito'y ituturing naming pista. Sinabi ni ibnu Abbas: Tunay na ito ay ipinahayag at tumapat sa dalawang pista ng mga Muslim, sa araw ng Jumu-ah at araw ng Arafah". (Sahih Al-Tirmidhi)

---

[3] *Ngunit kailangan niyang magsagawa ng Salátul-Dhuhr.*
[4] *Batas, sistema o pamamaraan ng pamumuhay.*

3. ANG ARAW NA ITO AY NAGIGING KAPATAWARAN SA MGA KASALANAN:

قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: "الْجُمُعَةُ إِلَى الْجُمُعَةِ كَفَّارَةٌ مَا بَيْنَهُمَا مَا لَمْ تُغْشَ الْكَبَائِرُ" .

(صحيح ابن ماجه)

Sinabi ni Propeta Muhammadﷺ: "*Ang Jumu-ah hanggang sa ikalawang Jumu-ah ay kapatawaran para sa mga nagawang kasalanan sa pagitan nito, huwag lang makagawa ng mga malalaking kasalanan*" (Sahih Ibnu Majah)

قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: "مَنِ اغْتَسَلَ ثُمَّ أَتَى الْجُمُعَةَ فَصَلَّى مَا قُدِّرَ لَهُ ثُمَّ أَنْصَتَ حَتَّى يَفْرُغَ مِنْ خُطْبَتِهِ ثُمَّ يُصَلِّي مَعَهُ غُفِرَ لَهُ مَا بَيْنَهُ وَبَيْنَ الْجُمُعَةِ الْأُخْرَى وَفَضْلُ ثَلَاثَةِ أَيَّامٍ"

(صحيح مسلم)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: *"Sinuman ang naligo at pagkatapos ay pumunta sa Masjid upang isagawa ang Salatul-Jumu-ah at siya ay nagsagawa ng Sunnah*[5] *na pagdarasal sa abot ng kanyang makakayang bilang na Rak-ah at pagkatapos ay nanahimik hanggang sa matapos*

---

[5] *Kusang-loob na karagdagang dasal.*

*ang Imám sa kanyang sermon at pagkatapos ay nagsagawa ng Salátul-Jumu-ah kasama ng Imam, ipapatawad sa kanya ang mga kasalanang nagawa niya sa pagitan ng dalawang Jumu-ah at karagdagan pang tatlong araw".* (Sahih Muslim)

4. ANG NAGLALAKAD PATUNGONG MASJID SA ARAW NG JUMU-AH:

Sa bawat hakbang niya ay may nakalaang gantimpala na ang katumbas ay isang taon na pagsamba na may mga pag-aayuno at pagsasagawa ng Saláh sa gabi.

قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: "مَنِ اغْتَسَلَ يَوْمَ الْجُمُعَةِ وَغَسَّلَ وَبَكَّرَ وَابْتَكَرَ وَدَنَا وَاسْتَمَعَ وَأَنْصَتَ كَانَ لَهُ بِكُلِّ خُطْوَةٍ يَخْطُوهَا أَجْرُ سَنَةٍ صِيَامُهَا وَقِيَامُهَا". (صحيح الترمذي وصحيح النسائي)

Sinabi ng Sugo ni Allahﷺ: "*Sinuman ang naligo sa araw ng Jumu-ah at hinugasan ang ulo at maagang pumunta sa Masjid at inabot ang unang sermon at lumapit sa lugar ng Imám at nakinig at nanahimik sa sermon, ang bawat hakbang na inilalakad niya ay gagantimpalaan at ang katumbas ay isang taon na may mga pag-aayuno at pagsasagawa ng Saláh sa gabi*". (Sahih Al-Tirmidhi at Sahih Al-Nasa-i)

## 5. SA ARAW NG JUMU-AH AY MAY ISANG ORAS NA KATANGGAP-TANGGAP RITO ANG PANALANGIN:

قال النَّبِيّ ﷺ: "إِنَّ فِي الْجُمُعَةِ لَسَاعَةً لا يُوَافِقُهَا مُسْلِمٌ يَسْأَلُ اللَّهَ فِيهَا خَيْرًا إِلاَّ أَعْطَاهُ إِيَّاهُ"، قَالَ: وَهِيَ سَاعَةٌ خَفِيفَةٌ. (متفق عليه)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "*Tunay na nasa araw ng Jumu-ah ang isang oras na kapag matiyempuhan ng isang Muslim na siya ay nanalangin kay Allah sa oras na ito ng mga kabutihan, maliban na ibigay sa kanya ni Allah ang kanyang panalangin*', at kanyang sinabi: *'At ito'y saglit na oras.'"* (Muttafaqun Alayhi)

At ang pananaw ng karamihang Pantas sa Islam tungkol sa oras na kung saan hinahangad ritong tanggapin ang panalangin, ay nasa pagkatapos ng Salátul-Asr at ganoon din na hinahangad mula sa pagkatapos ng tanghaling tapat. Kaya kinakailangan sa isang Muslim na paramihin ang panalangin niya sa oras na ito para sa kanyang sarili at sa kanyang mga kapatid na Muslim.

## 6. INILAAN NI ALLAH ﷻ ANG ARAW NG JUMU-AH SA UMMAH[6] NA ITO AT HINDI IPINAGKALOOB SA MGA ANGKAN NG KASULATAN:

قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ "أَضَلَّ اللَّهُ عَنِ الْجُمُعَةِ مَنْ كَانَ قَبْلَنَا فَكَانَ لِلْيَهُودِ يَوْمُ السَّبْتِ وَكَانَ لِلنَّصَارَى يَوْمُ الْأَحَدِ فَجَاءَ اللَّهُ بِنَا فَهَدَانَا اللَّهُ لِيَوْمِ الْجُمُعَةِ فَجَعَلَ الْجُمُعَةَ وَالسَّبْتَ وَالْأَحَدَ وَكَذَلِكَ هُمْ تَبَعٌ لَنَا يَوْمَ الْقِيَامَةِ نَحْنُ الْآخِرُونَ مِنْ أَهْلِ الدُّنْيَا وَالْأَوَّلُونَ يَوْمَ الْقِيَامَةِ الْمَقْضِيُّ لَهُمْ قَبْلَ الْخَلَائِقِ" (متفق عليه)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "*Hindi pinatnubayan ni Allah sa Jumu-ah ang mga taong nauna sa atin, kaya naging kaarawan ng mga Hudyo, ay araw ng Sabado at sa mga Kristiano ay araw ng Linggo. At ipinagkaloob sa atin ni Allah at tayo'y Kanyang pinatnubayan sa araw ng Jumu-ah, at isinunod Niya sa araw ng Jumu-ah ang Sabado at ang Linggo at sila'y sumusunod sa atin sa araw ng paghuhukom. Tayo ang mga taong huli sa mundong ito ngunit mga pangunahing Ummah sa kabilang buhay at unang bibigyan ng paghuhukom bago isunod ang ibang mga nilikha*". (Muttafaqun Alayhi)

---

[6] *Mga tagasunod ni Propeta Muhammad ﷺ.*

7. ANG ARAW NG PAGHUHUKOM AY HINDI MAGAGANAP MALIBAN SA ARAW NG JUMU-AH.

قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: "لاَ تَقُومُ السَّاعَةُ إِلاَّ فِي يَوْمِ الْجُمُعَةِ"

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ:*"Hindi magaganap ang araw ng paghuhukom maliban sa araw ng Jumu-ah".* (Sahih Muslim)

8. ANG PAGKAMATAY SA ARAW NG JUMU-AH AY KASAMA SA MGA PANGITAIN NG MAGANDANG KAMATAYAN:

قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: "مَا مِنْ مُسْلِمٍ يَمُوتُ يَوْمَ الْجُمُعَةِ أَوْ لَيْلَةَ الْجُمُعَةِ إِلاَّ وَقَاهُ اللَّهُ فِتْنَةَ الْقَبْرِ " (أحمد وصحيح الترمذي)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "*Walang sinumang Muslim na mamamatay sa araw ng Jumu-ah o di-kaya'y sa gabi ng Jumu-ah, maliban na siya'y pangalagaan ni Allah* ﷻ *mula sa mangyayaring pagsubok sa libingan*". (Ahmad at Al-Tirmidhi)

Ang nabanggit na kahigtan sa Hadith na ito ay para lamang sa tao na ang tanyag sa kanyang mga gawain ay ang pagiging matuwid at mabuting Muslim.

9. ANG PAGPAPABAYA NG SALATUL-JUMU-AH AY KASAMA SA MGA MALALAKING KASALANAN:

Tunay na si Propeta Muhammad ﷺ ay nagbigay ng mahigpit na babala para sa mga taong nagpapabaya ng Salátul-Jumu-ah, sinabi niya:

قال ﷺ: "لَيَنْتَهِيَنَّ أَقْوَامٌ عَنْ وَدْعِهِمُ الْجُمُعَاتِ أَوْ لَيَخْتِمَنَّ اللَّهُ عَلَى قُلُوبِهِمْ ثُمَّ لَيَكُونُنَّ مِنَ الْغَافِلِينَ" . (صحيح مسلم)

"*Magsitigil na ang mga grupo sa kanilang pagpapabaya ng mga Salátul-Jumu-ah at kung hindi ay seselyuhan ni Allah* ﷻ *ang kanilang mga puso at sila ay magiging kabilang sa mga taong pabaya*". (Sahih Muslim)

وقَالَ أيضًا: "مَنْ تَرَكَ ثَلاثَ جُمَعٍ تَهَاوُنًا بِهَا طَبَعَ اللَّهُ عَلَى قَلْبِهِ"

(صحيح الترمذي وصحيح النسائي)

Sinabi pa niya: "*Sinuman ang magpaliban ng tatlong Jumu-ah sanhi ng katamaran sa pagsasagawa nito, seselyuhan ni Allah* ﷻ *ang kanyang puso*". (Al-Tirmidhi at Al-Nasa-i)

وقال أيضًا: "لَقَدْ هَمَمْتُ أَنْ آمُرَ رَجُلاً يُصَلِّي بِالنَّاسِ ثُمَّ أُحَرِّقَ عَلَى رِجَالٍ يَتَخَلَّفُونَ عَنِ الْجُمُعَةِ بُيُوتَهُمْ" (صحيح مسلم)

Sinabi pa niya: "*Tunay na nilayon kong pag-utusan ang isang lalaki para pangunahan ang mga tao sa Saláh at aking susunugin ang mga tahanan ng mga kalalakihang hindi nagsasagawa ng Jumu-ah".* *(Sahih Muslim)*

Malinaw sa mga Hadith na ito na binibigyan ng kahalagahan ang Salátul-Jumu-ah at hindi ito nangangahulugan na ang Fardh[7] na Saláh lamang ay ang Salátul-Jumu-ah bagkos ipinag-uutos ang Saláh sa Jumu-ah at ang mga Saláh na limang beses sa bawat araw nang sama-sama sa Masjid.

---

[7] *Itinakdang Tungkuling Dasal.*

## MGA ALITUNTUNIN SA ARAW NG JUMU-AH

**?** Mga Kautusan sa Araw ng Jumu-ah:

1. Ang Pananahimik para makinig ng pangaral at ang pag-iwas na makapagsalita at magkamali:

قال رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: "إِذَا قُلْتَ لِصَاحِبِكَ يَوْمَ الْجُمُعَةِ أَنْصِتْ وَالإِمَامُ يَخْطُبُ فَقَدْ لَغَوْتَ" (متفق عليه)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "*Kapag sinabi mo sa iyong kasama sa araw ng Jumu-ah na manahimik ka! habang ang Imam ay nangangaral, tunay na ikaw ay nakagawa ng kamalian sa Jumu-ah".* (Muttafaqun Alayhi)

2. Ang pagsasagawa ng dalawang Rak-ah na Saláh bago umupo, kahit na sa kanyang pagpasok ay nasa kasalukuyang pangangaral ang Imám:

Ayon kay Jabir ؓ sinabi niya: Pumasok ang isang lalaki sa Masjid sa araw ng Jumu-ah habang si Propeta Muhammad ﷺ ay nangangaral at

kanyang sinabi: *ikaw ba ay nakapagsagawa ng Saláh?* Sabi ng lalaki hindi po, sabi niya: *tumayo ka at magsagawa ka ng dalawang Rak-ah*". (Muttafaqun Alayhi)

At kanya ring sinabi: dumating si Saleek Al-Ghatfani sa araw ng Jumu-ah habang si Propeta Muhammad ﷺ ay nangangaral at siya ay umupo at sinabi niya sa kanya: O Saleek! *Tumayo ka at magsagawa ka ng dalawang Rak-ah at pagaanin mo ito*". At kanyang sinabi:

قَالَ ﷺ: "إِذَا جَاءَ أَحَدُكُمْ يَوْمَ الْجُمُعَةِ وَالإِمَامُ يَخْطُبُ فَلْيَرْكَعْ رَكْعَتَيْنِ وَلْيَتَجَوَّزْ فِيهِمَا" (صحيح مسلم)

*"Kapag dumating ang isaman sa inyo sa araw ng Jumu-ah at ang Imám ay nangangaral, magsagawa muna ng dalawang Rak-ah na Sunnah at pagaanin ito*". (Muslim)

3. Ang Salátul-Jumu-ah:

قَالَ ﷺ: "الْجُمُعَةُ حَقٌّ وَاجِبٌ عَلَى كُلِّ مُسْلِمٍ فِي جَمَاعَةٍ إِلَّا أَرْبَعَةً: عَبْدٌ مَمْلُوكٌ أَوِ امْرَأَةٌ أَوْ صَبِيٌّ أَوْ مَرِيضٌ" . (أبو داود صححه الألباني)

Sinabi ni Propeta Muhammadﷺ: "*Ang Salátul-Jumu-ah ay itinakdang tungkulin ng bawat Muslim na isagawa ito nang sama-sama maliban sa apat: aliping may nagmamay-ari, babae, bata at maysakit*". (Abu Dawud Sahhahu Albani)

## MGA MAIINAM NA GAWAIN SA ARAW NG JUMU-AH

May mga maiinam na gawain sa araw na ito, at kasama na rito:

1. Ang pagbabasa ng Súrah Al-Sajdah (Kabanata 32) sa unang Rak-ah at Súrah Al-Insán (Kabanata 76) sa ikalawang Rak-ah ng Salátul-Fajr". (ito'y nasa Hadith na Muttafaqun Alayhi)

2. Ang pagpaparami ng pagbati kay Propeta Muhammad ﷺ. Sinabi niya:

قال ﷺ: " إِنَّ مِنْ أَفْضَلِ أَيَّامِكُمْ يَوْمَ الْجُمُعَةِ فِيهِ خُلِقَ آدَمُ عَلَيْهِ السَّلَام وَفِيهِ قُبِضَ وَفِيهِ النَّفْخَةُ وَفِيهِ الصَّعْقَةُ فَأَكْثِرُوا عَلَيَّ مِنَ الصَّلَاةِ فَإِنَّ صَلَاتَكُمْ مَعْرُوضَةٌ عَلَيَّ قَالُوا يَا رَسُولَ اللَّهِ وَكَيْفَ تُعْرَضُ صَلَاتُنَا عَلَيْك وَقَدْ أَرَمْتَ أَيْ يَقُولُونَ قَدْ بَلِيتَ قَالَ إِنَّ اللَّهَ عَزَّ وَجَلَّ قَدْ حَرَّمَ عَلَى الْأَرْضِ أَنْ تَأْكُلَ أَجْسَادَ الْأَنْبِيَاءِ عَلَيْهِمْ السَّلَام" .

(صحيح النسائي وأبو داود)

*"Ang pinakamainam sa inyong mga araw ay ang araw ng Jumu-ah, dito nilikha si Adam ﷵ at dito rin siya binawian ng buhay at dito rin ang araw ng pag-ihip (ni anghel Israfeel sa trompeta) at dito rin ang malakas na sigaw (na siyang ikagugulat ng mga nilikhang nasa mga kalangitan at mga kalupaan) at paramihin ninyo rito ang pagbati sa akin sapagka't ang inyong pagbati ay ipinapakita sa akin',* Sinabi ng kanyang mga kasamahan: O Sugo ni Allah! paano ipapakita sa iyo ang aming mga pagbati kung sumapi na sa lupa ang iyong katawan? –ibig sabihin kanilang sinasabi: kinain na ng lupa ang iyong katawan? - sinabi niya: *Tunay na si Allah ﷻ ay nagbawal sa lupa na huwag kainin ang katawan ng mga propeta sumakanila nawa ang kapayapaan ni Allah ﷻ".* (Al-Nasa-i at Abu Dawud)

### 3. Pagbabasa ng Súrah Al-Kahf (Kabanata 18)

قال ﷺ: "من قرأ سورة الكهف في يوم الجمعة أضاء له من النور ما بين الجمعتين" .

(رواه الحاكم وصححه الألباني في الإراء)

Sinabi ni Propeta ﷺ: *Sinuman ang bumasa ng Súrah Al-Kahf sa araw ng Jumu-ah ay liliwanagan sa kanya ang pagitan ng dalawang Jumu-ah ".* (Al-Hakim at Sahhahu Al-Bani)

4. Paliligo:

قَالَ ﷺ: "إِذَا جَاءَ أَحَدُكُمُ الْجُمُعَةَ فَلْيَغْتَسِلْ". (متفق عليه)

Sinabi ni Propeta ﷺ: *"Kapag sumapit ang araw ng Jumu-ah sa isa sa inyo, ay maligo siya*". (Muttafaqun Alayhi)

Ipinag-utos ni Propeta Muhammad ﷺ na maligo sa araw ng Jumu-ah na kung saan ito'y pagpipilian at hindi sapilitan, at ang patunay rito ay ang sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ:

" مَنْ تَوَضَّأَ يَوْمَ الْجُمُعَةِ فَبِهَا وَنِعْمَتْ وَمَنِ اغْتَسَلَ فَالْغُسْلُ أَفْضَلُ".

(صحيح الترمذي وصحيح النسائي)

"*Sinuman ang magsagawa ng Wudu sa araw ng Jumu-ah, sa pamamagitan nito'y pagpapalain siya at sinuman ang maligo, ang paliligo ay mas mainam*". (Sahih Al-Tirmidhi at Sahih Al-Nasa-i)

5. Paggamit ng Siwak at Pabango:

قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: " غُسْلُ يَوْمِ الْجُمُعَةِ عَلَى كُلِّ مُحْتَلِمٍ وَسِوَاكٌ وَيَمَسُّ مِنَ الطِّيبِ مَا قَدَرَ عَلَيْهِ ". (صحيح مسلم)

Sinabi ni Propeta Muhammadﷺ: "*Ang paliligo sa araw ng Jumu-ah ay dapat isagawa ng lahat ng nasa tamang gulang, ganoon rin ang paggamit ng Siwak at pabango (sa lalaki) sa abot ng kanyang makakaya*". (Muslim)

6. Magsuot ng pinakamagandang damit na mayroon:

قَالَ رَسُوْلُ اللهِ ﷺ: "مَنِ اغْتَسَلَ يَوْمَ الْجُمُعَةِ وَمَسَّ مِنْ طِيبٍ إِنْ كَانَ لَهُ وَلَبِسَ مِنْ أَحْسَنِ ثِيَابِهِ ثُمَّ خَرَجَ وعَلَيْهِ السَّكِيْنَة حَتَّى يَأْتِيَ الْمَسْجِدَ ثُمَّ يَرْكَعَ إِنْ بَدَا لَهُ وَلَمْ يُؤْذِ أَحَدًا ثُمَّ أَنصَتَ إِذَا خَرَجَ إِمَامُهُ حَتَّى يُصَلِّيَ كَانَتْ كَفَّارَةً لِمَا بَيْنَهَا" . (مسند أحمد)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "*Sinuman ang naligo sa araw ng Jumu-ah at gumamit ng pabango kung mayroon nito at isinuot ang pinakamagandang damit at pagkatapos ay lumabas nang mahinahon sa paglalakad hanggang sa makarating sa Masjid at pagkatapos ay nagsagawa ng Sunnah na Salah kung magagawa niya at hindi manggambala nang isaman (sa mga nakaupo) at pagkatapos ay nanahimik sa paglabas ng Imám hanggang sa naisagawa ang Salátul-Jumu-ah, magiging kapatawaran ito sa kanya para sa nagawang kasalanan sa pagitan ng dalawang Jumu-ah*". (Musnad Ahmad)

قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: "مَا عَلَى أَحَدِكُمْ إِنْ وَجَدَ أَنْ يَتَّخِذَ ثَوْبَيْنِ لِيَوْمِ الْجُمُعَةِ سِوَى ثَوْبَيْ مِهْنَتِهِ". (سنن أبي داود وابن ماجه)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "Nasa isa sa inyo, kung makakayang magkaroon ng dalawang damit na para lamang sa araw ng Jumu-ah bukod sa damit na kanyang pangtrabaho". (Sunan Abi Dawud at Ibnu Majah)

7. Ang Maagang pagpunta sa Masjid:

قَالَ النَّبِيُّ مَنِ اغْتَسَلَ يَوْمَ الْجُمُعَةِ غُسْلَ الْجَنَابَةِ ثُمَّ رَاحَ فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ بَدَنَةً وَمَنْ رَاحَ فِي السَّاعَةِ الثَّانِيَةِ فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ بَقَرَةً وَمَنْ رَاحَ فِي السَّاعَةِ الثَّالِثَةِ فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ كَبْشًا أَقْرَنَ وَمَنْ رَاحَ فِي السَّاعَةِ الرَّابِعَةِ فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ دَجَاجَةً وَمَنْ رَاحَ فِي السَّاعَةِ الْخَامِسَةِ فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ بَيْضَةً فَإِذَا خَرَجَ الْإِمَامُ حَضَرَتِ الْمَلَائِكَةُ يَسْتَمِعُونَ الذِّكْرَ". (متفق عليه)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "*Sinuman ang naligo sa araw ng Jumu-ah na tulad ng pamamaraan ng paliligo sa Janábah at pumunta sa Masjid sa unang oras nito, ay parang nag-alay ng isang kamelyo at sinuman ang dumating sa ikalawang oras nito, ay parang nag-alay ng isang baka at sinuman ang dumating sa ikatlong oras nito, ay parang nag-alay ng isang lalaking tupa at*

*sinuman ang dumating sa ikaapat na oras nito, ay parang nag-alay ng isang manok at sinuman ang dumating sa ikalimang oras nito, ay parang nag-alay ng isang Itlog at kapag lumabas na ang Imam (para mangaral), ay papasok ang mga anghel (na nagtatala) para makinig ng pagpuri kay Allah* ﷻ." (Muttafaqun Alayhi)

8. Maging abala sa pagbati kay Propeta Muhammad ﷺ at paggunita kay Allah ﷻ hanggang sa makalabas ang Imám:

قال ﷺ: "مَنِ اغْتَسَلَ ثُمَّ أَتَى الْجُمُعَةَ فَصَلَّى مَا قُدِّرَ لَهُ ثُمَّ أَنْصَتَ حَتَّى يَفْرُغَ مِنْ خُطْبَتِهِ ثُمَّ يُصَلِّي مَعَهُ غُفِرَ لَهُ مَا بَيْنَهُ وَبَيْنَ الْجُمُعَةِ الْأُخْرَى وَفَضْلُ ثَلَاثَةِ أَيَّامٍ". (صحيح مسلم)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: *"Sinuman ang naligo at pagkatapos ay pumunta sa Masjid para magsagawa ng Salátul-Jumu-ah at nagsagawa ng makakayang Sunnah na Saláh (sa pagpasok niya sa Masjid) at pagkatapos ay nanahimik hanggang sa matapos ang Imám sa kanyang sermon at pagkatapos ay nagsagawa ng Saláh kasama ng Imám, ipapatawad sa kanya ang nagawa niyang kasalanan sa pagitan ng dalawang Jumu-ah at karagdagan pang tatlong araw.* (Sahih Muslim)

9. Ang Maagang pagsasagawa ng Jumu-ah kapag nawala na ang tanghaling-tapat:

Sinabi ni Anas bin Malik ﷺ: Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsasagawa ng Salatul-Jumu-ah kapag ang araw ay pumanig na sa kanluran, sinabi rin niya: maaga namin isinasagawa ang Jumu-ah at kami ay natutulog pagkatapos ng Salah. (Sahih Al-Bukhari)

Sinabi ni Salamah bni Al-Akwa' ﷺ: Kami ay nagtitipon-tipon kay Propeta Muhammad ﷺ kapag pumanig na ang araw sa kanluran pagkatapos ay umuuwi kami at sinusundan namin ang Al-Fay-a[8].
(Sahih Muslim)

10. Pagbabasa ng Súrah Al-A'lá (Kabanata 87) at Súrah Al-Ghásiyah (Kabanata 88) o di-kaya'y Surah Al-Jumu-ah (Kabanata 62) at Súrah Al-Munafiqun (Kabanata 63) sa dalawang Rak-ah ng Jumu-ah:

Ayon kay Al-Nu'man bin Bashir ﷺ sinabi niya: Binabasa ni Propeta Muhammad ﷺ sa dalawang Salátul-Eid at Salátul-Jumu-ah ang Súrah Al-A'la at Súrah Al-Ghásiyah (Sahih Muslim).

---

[8] *Ang anino kapag nawala na ang tanghaling tapat.*

Ayon kay ibnu Abbas kalugdan nawa sila ni Allah ﵄. Binabasa ni Propeta Muhammad ﷺ sa Salátul-Jumu-ah ang Súrah Al-Jumu-ah at Súrah Al-Munáfiqun. (Sahih Muslim)

11. Saláh na dalawang Rak-ah o di-kaya'y apat na Rak-ah pagkatapos ng Salátul-Jumu-ah:

Sinuman ang isagawa ito sa Masjid, ay gawin itong apat na Rak-ah at sinuman ang isagawa ito sa bahay, ay gawin itong dalawang Rak-ah.

Sinabi ni Abdullah ibnu Omar kalugdan nawa sila ni Allah﵄: si Propeta Muhammad ﷺ ay hindi nagsasagawa ng Saláh na Sunnah pagkatapos ng Salátul-Jumu-ah hangga't sa siya'y makauwi ng bahay at dito'y nagsasagawa siya ng dalawang Rak-ah bilang Sunnah. (Muttafaqun Alayhi)

Ayon naman kay Abi Hurayrah ﵁ sinabi niya: Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ:

قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ﷺ: "إِذَا صَلَّى أَحَدُكُمُ الْجُمُعَةَ فَلْيُصَلِّ بَعْدَهَا أَرْبَعًا" . (صحيح مسلم)

"*Kapag isinagawa ng isa sa inyo ang Salátul-Jumu-ah ay magdasal pagkatapos nito ng apat na Rak-ah na Sunnah*." (Sahih Muslim)

## MGA IPINAGBABAWAL SA ARAW NG JUMU-AH

May mga gawaing ipinagbabawal sa araw ng Jumu-ah at kasama na rito ang mga sumusunod:

1. Ang magbenta at mamili pagkatapos ng ikalawang Adhan: Sinabi ni Allah ﷻ:

{يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِذَا نُودِيَ لِلصَّلَاةِ مِن يَوْمِ الْجُمُعَةِ فَاسْعَوْا إِلَى ذِكْرِ اللَّهِ وَذَرُوا الْبَيْعَ
ذَلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ } (٩ الجمعة)

(*O kayong mga nanampalataya! Kapag naipanawagan ang Salah sa araw ng Jumu-ah, ay agad kayong tumungo sa paggunita kay Allah (sa sermon ng Imam at pagsasagawa ng Salah sa Masjid) at iwanan ninyo ang pagtitinda sapagka't iyan ang mas mainam para sa inyo, kung ito'y inyong nalalaman*". (Al-Jumu-ah 9)

2. Ang manggambala sa mga nakaupong nakikinig sa pangaral ng Imám at ang paghiwalayin ang magkatabi para umupo sa pagitan nila:

Ayon kay Abdullah bni Busrin ﷺ sinabi niya: Dumating ang isang lalaki at puwersahan niyang pinapatabi ang mga nakaupo upang pumunta sa unahan habang si Propeta Muhammad ﷺ ay nangangaral at kanyang sinabi sa lalaking iyon: *"Umupo ka sapagka't nakagambala ka sa mga tao at nagpakahuli ka ng pagdating."'* (Abu Dawud at Sahih Al-Nasa-i at Ahmad)

3. Ang patayuin ng isang lalaki ang kanyang kapatid mula sa kinauupuan niya pagkatapos ay umupo siya rito:

Sinabi ni ibnu Omar (kalugdan nawa sila ni Allahﷻ) ipinagbawal ni Propeta Muhammad ﷺ na patayuin ng isang lalaki ang kanyang kapatid mula sa kinauupuan niya at pagkatapos ay umupo siya rito.

Itinanong kay Nafi' na kasamahan ni ibnu Omarﷺ: Kung sa Jumu-ah lang ba ipinagbabawal? Sabi niya: Sa Jumu-ah at sa iba pang mga araw. (Bukhari)

4. Ang pagtitipon-tipon sa loob ng Masjid bago isagawa ang Salatul-Jumu-ah:

Ayon kay Amr bin Shu'ayb, ayon sa tatay niya, ayon sa lolo niya, si Propeta Muhammad ﷺ ay nagbawal sa loob ng Masjid na mamili at magbenta at kumanta ng lunggati at tula, ipinagbawal rin niya ang pagtitipon-tipon bago magsagawa ng Saláh sa araw ng Jumu-ah. (Abu Dawud)

5. Pagtaas ng dalawang kamay para manalangin sa sermon ng Jumu-ah, maging siya man ang Imam[9] o Ma'mum[10],

Maliban kung para sa Istisqa[11], tulad ng nabanggit ni Anas bin Malik ؓ ayon kay Propeta Muhammad ﷺ sa Sahih Al-Bukhari, napagtibay na siya ﷺ ay humingi ng ulan habang siya'y nangangaral sa Jumu-ah at itinaas niya ang kanyang dalawang kamay at itinaas rin ng mga tao ang kanilang mga kamay (sila'y nanalangin). (Sahih Bukhari)

6. Ang ibukod-tangi ang Araw ng Jumu-ah para pag-ayunuhan at piliin ang gabi nito para isagawa ang mga kusang-loob na Saláh:

---

[9] *Ang nangunguna sa mga tao para isagawa ang Saláh.*
[10] *Mga pinangungunahan ng Imam sa Salah.*
[11] *Para humingi ng ulan.*

قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: "لاَ تَخْتَصُّوا لَيْلَةَ الْجُمُعَةِ بِقِيَامٍ، وَلاَ تَخُصُّوا يَوْمَ الْجُمُعَةِ بِصِيَامٍ مِنْ بَيْنِ الْأَيَّامِ إِلاَّ أَنْ يَكُونَ فِي صَوْمٍ يَصُومُهُ أَحَدُكُمْ". (صحيح مسلم)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "*Huwag ninyong ibukod-tangi ang gabi ng Jumu-ah sa pagsasagawa ng Qiyám*[12]*, at huwag ninyo itong piliin sa mga araw na ito lamang ang pinag-aayunuhan ninyo maliban sa isa sa inyo na dati nang nag –aayuno".*[13] (Sahih Muslim)

وَقَالَ أَيضًا: "لاَ يَصُمَنَّ أَحَدُكُمْ يَوْمَ الْجُمُعَةِ إِلاَّ أَنْ يَصُومَ يَوْمًا قَبْلَهُ أَوْ يَوْمًا بَعْدَهُ". (متفق عليه)

At sinabi pa ni Propeta Muhammad ﷺ: "*Huwag pag-aayunuhan ng isa sa inyo ang araw ng Jumu-ah maliban kung pag-aayunuhan ang araw bago ang araw ng Jumu-ah o ang araw pagkatapos nito".* (Muttafaqun Alayhi)

---

[12] *Paggising sa ikatlong bahagi ng gabi para magsagawa ng Qiyámul-Layl o tinatawag na Tahajjúd, ito ay labing-tatlong Rak-ah bilang Sunnah na Saláh.*

[13] *Isang tao na gawain na niyang mag-ayuno at tumapat lamang sa araw ng Jumu-ah ang kanyang pag-aayuno. Ang Jumu-ah ay pista ng Muslim na mas mainam kung magkainan at magkaroon ng mga kasiyahang ipinapahintulot sa Islam.*

## IBA PANG MGA ALITUNTUNIN

1. Sinuman ang umabot ng isang Rak-ah sa Salátul-Jumu-ah, ay umabot ng Saláh at kailangan niyang isagawa ang kulang na Rak-ah, ngunit sinuman ang umabot ng mas mababa pa sa isang Rak-ah ng Salátul-Jumu-ah, ay kailangang magsagawa ng Salátul-Dhu'hr.

Sinabi ni ibnu Mas-ud ﷺ: Kapag naabutan mo ang isang Rak-ah ng Jumu-ah, ay idagdag mo lang ang ikalawang Rak-ah at kung hindi mo naabutan ang Rukú'[14] ay magsagawa ka ng apat na Rak-ah bilang Salátul-Dhu'hr. (Al-Bani Al-Irwa 3/81)

2. Ang paglipat ng ibang lugar mula sa kinauupuan kapag siya'y natalo ng antok:

قَالَ النَّبِيّ ﷺ: "إِذَا نَعَسَ أَحَدُكُمْ يَوْمَ الْجُمُعَةِ فَلْيَتَحَوَّلْ مِنْ مَجْلِسِهِ ذَلِكَ" .

(صحيح الترمذي ١/٢٩٥ وأبو داود ح١١١٩)

---

[14] *Pinakahuling pagyuko sa tuhod sa Salátul-Jumu-ah.*

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: "Kapag dinatnan ng antok ang isa sa inyo sa araw ng Jumu-ah[15], ay lumipat ng upuan. (Sahih Al-Tirmidhi) 1/295 Abu Dawud H1119)

3. Sinuman ang hindi dumalo sa Salátul-Jumu-ah kasama ng mga Muslim sanhi ng tanggap na kadahilanan sa Islam, dahil sa karamdaman o iba pang tulad nito ay kailangang magsagawa siya ng Salatul-Dhu'hr at ganiyan rin ang babae, naglalakbay at mga nakatira sa disyerto, tulad ng gabay na turo ni Propeta Muhammad ﷺ na siyang pananaw ng mga Pantas sa Islam. (Majmu' Fatawa ni Shaykh Bin Baz)

4. Ang sinumang nasa paglalakbay, ay hindi inuubligang magsagawa ng Salátul-Jumu-ah sapagka't si Propeta Muhammadﷺ sa kanyang paglalakbay ay hindi nagsagawa ng Salatul-Jumu-ah at noong isagawa niya ang kahuli-hulihang Hajj niya na nasa Arafah at araw ng Jumu-ah ay nagsagawa ng Salah para sa Dhu'hr at Asr at pinagsama niya ito sa oras ng Dhu'hr at hindi nagsagawa ng Salatul-Jumu-ah at ganoon din na ito'y sinunod ng mga Al-Khulafa[16] at iba pang mga tulad nila.

---

[15] *Habang ang Imam ay nagbibigay ng sermon.*

[16] Sila Abu Bakr, Omar, Uthman at Ali. Kalugdan nawa silang lahat ni Allah.

5. Naisasagawa ang Salatul-Jumu-ah sa baryo at lungsod.

Sinabi ni ibnu Abbas (kalugdan nawa sila ni Allah) ang unang Jumu-ah na itinayo pagkatapos ng Jumu-ah sa Masjid ni Propeta Muhammad ﷺ ay sa Masjid ni Abdul-Qays sa Jawathi Bahrain. (Bukhari, Kitabul-Jumu-ah pintuang 11)

Sinabi ni Uthman Bin Abi Shaybah: ito ay sa baryo na isa sa mga nayon ni Abdul-Qays. (Abu Dawud H 1068)

# يوم الجمعة
# فضله وأحكامه


إعداد

إدارة البحوث والترجمة

مكتب توعية الجاليات بالأحساء

المترجم باللغة الفلبينية

ثمين الدين منشاوي